



Pakikipag-ugnayan sa mundo ng pinagpalang lupain ng Seramiko !

Sa isyung ito ng Mimitaro, atin nakapanayam si Bb. Bae Sujung, Tagapangasiwa ng The Shigaraki Ceramic Cultural Park



13 taon na ang nakalilipas, nung nagtrabaho ako sa isang galeriya na may kinalaman sa seramiko, kung saan ako ay nabighani sa sining ng seramiko at sa mayamang mapagkukunang

bibliograpike nito na siyang nag udyok sa akin na pumunta ng Japan pagkatapos kong magtapos ng unibersidad sa Korea upang magsagawa ng isang paghahambing na pananaliksik tungkol sa seramiko ng Japan at Korea. Pagkatapos ng 2 taong pag-aaral sa Japanese Language School, 5 taong postgradweyt (Ph.D.), at gugulin ng isa at kalahating taong pag-aaral sa programang bilang isang “dalubhasang mananaliksik na kabataan” (PD), nagkaroon ako ng matinding pagnanais na mahawakan ang mga “Makatotohanang likha ng sining” kaya namasukan ako sa posisyong tagapangasiwa (curator). Pagkatapos kong nagtrabaho bilang part-timer na curator sa Museo ng Seramiko sa Prepektura ng Aichi at Museo ng Sining sa Lungsod ng Seto, natanggap ako bilang pinakaunang dayuhan na curator sa Shigaraki Ceramic Cultural Park, ngayon pang ika-4 na taon ko na. Sa mga panahong nakasara ito dulot ng Pandemya ng Covid-19, nagplano ako ng isang virtual na museo, at noong nakaraang taon ay nag-organisa ako ng isang eksibisyon upang ipakilala ang mga kontemporaryong seramiko ng Korea sa konteksto ng daloy ng mga tradisyon nito.



Ang Shigaraki Ceramic Cultural Park ay matatagpuan sa Shigaraki, kilalang bayan ng mga seramiko simula pa noong Gitnang kapanahunan. Ito ay isang malawak na parke na may mga operasyon tulad ng paglikha, pagsasanay, at eksibisyon sa ilalim ng tema ng seramiko. Isa sa mga pinakanatatanging katangian ng parke ay ang pagkakaroon nito ng tirahang pasilidad kung saan maaaring makapanatili ang mga artist sa isang takdang panahon upang isagawa ang kanilang mga aktibidad sa paglikha. Sa programang ito mahigit 30 taon ng tumatanggap ang Shigaraki ng mga Artist mula sa ibat ibang panig ng mundo at kilala ito sa ibang bansa bilang “Tahanan ng pinagpalang lupain ng seramiko” at tahanan ng tirahang mga artist”. Humigit-kumulang 1,500 artist mula sa 55 bansa ang bumisita, gamit ang kakaiba’t natatanging luwad (clay) ng Shigaraki at sari-saring tapahan (hurnohan) upang palawakin pa lalo ang posibilidad sa malikhaing gawain. At ang ilan sa mga gawa ng mga artist ay bahagi ng mga natatanging koleksiyon at ang ibang walang kasingkatulad na koleksiyon ng museo, nagbibigay din kami ng pagkakataong makapanayam ang mga nanatiling artist. Naniniwala ako na ang aking presensiya bilang isang Koreano sa museo ay nakapagbukas sa mundong katulad nito na nakakapagbigay

sa akin ng oportunidad, kagaya nito na samantalain ang pagiging isang internasyunal at umaasa akong sana’y sa hinaharap tuloy-tuloy pa akong makabuo ng marami pang pang-internasyunal na eksibisyon.

Sa nakalipas na mga taon, napakabilis ng pagbabago sa lipunan ng Korea, hindi ko na ito masabayan kung umuwi ako. Simula 1990’s ang mga kubyertos na istilong kanluran at mga plastik na kubyertos ay ginagamit sa mga sambahayan, dahil dito ang bilang ng mga tapahan ay nabawasan din nang husto. Sa Japan, ang mga seramikong kubyertos ay ginagamit pa rin ng karamihan sa mga sambahayan, kaya ito ay isang pinagpalang lugar para sa mga magpapalayok. Sa kasaysayan, ang China, Korea, at Japan ay mayroong patuloy na ugnayan. Ganun din sa mundo ng seramiko mayron din silang pagtutulungan sa bawat isa. Gayunpaman, dahil sa magkakalapit na bansa lamang ang mga ito ang relasyon ay napakasensitibo rin pagdating sa usaping-pulitika, at kung lumala ang pakikitungo, kahit na ang mga kinakapatid na bansa at mga kaganapan ay maaaring makansela na makakaapekto rin sa mga dayuhang residente sa Japan. Samakatuwid, ang aking matinding kahilingan ay “Ipinapakiusap ko na sana ay huwag hayaang masangkot ang kultura at sining sa pulitika.

Noong unang punta ko sa Japan ramdam ko ang aking pagiging dayuhan, ngunit ngayon, naalala ko lamang na dayuhan pala ako kung naghahanap ako ng bahay, at komportableng namumuhay dito. Sa kaso ko iniaayos ko ang sarili ko sa bansang ito sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga hapones, pagkaroon ng mas madalas na komunikasyon sa kanila kesa sa mga kababayan ko. Sa tingin ko ang nagustuhan ko sa pamumuhay dito sa Japan ay mayron lamang itong kakaunting kaso ng diskriminasyong may kinalaman sa trabaho. Nung ako ay isang estudyante pa lamang nakapagtrabaho ako bilang isang part-timer sa gabi sa isang operasyon sa linya, nagulat ako nang makita ko na may mga matatandang kasama ako (Sa palagay ko, ang pagkakaroon ng medyo bukas na pag-iisip tungkol sa aking trabaho ang siyang naging daan ko na magpatuloy sa pagtrabaho. Ang isa pang bagay na nagustuhan ko ay tulad ng “Kulturang mamuhay mag isa” sa Japan. Bago ako pumunta sa Japan hindi ko naisip na pumasok sa isang restawran na mag-isa, ngunit dito maraming mga serbisyo at bagay para sa pang-isahang tao, na napakadali. Pakiramdam ko ay malaya ako dahil magagawa kong mag-isa ang lahat ng gusto ko ng walang anumang pag-aalala. Ang presensiya ng Biwako ang siyang nakakaaliw sa akin sa paninirahan sa Shiga. Bagamat hindi ko pa ito lubusang nalilibot sa isang biyahe nasisiyahan naman akong magpahinga sa tabi ng lawa at magkamping dito.

Sa ngayon naghahanda na kami para sa susunod na eksibisyon. Umaasang makabisita kayo sa aming World Class Shiragaki Ceramic Cultural Park! (Pakitingnan pahina 4)



Interpretasyon * Pagsangguni para sa mga Dayuhang Residente sa Shiga



Tandaan: Ang 'atbp' ay tumutukoy sa AI interpretation machine at remote

Lugar	Tanggapan	Wika	Araw/Oras ng Pagsangguni	Telepono
Otsu	Munisipyo Kankou Shinkou-ka MICE Promotion Office	Ingles	Lun~Biy 9:00 am-5:00 pm	077-528-2864
	Otsu-shi Kokusai Shinzen Kyokai (Otsu Int'l Goodwill Association)	Nihongo (maari sa Zoom)Konsultasyon sa administrative scrivener	Ika-2 Miy 5:30pm, 6:15pm, 7:00pm (magpareserba isang araw bago ng 1pm)	077-525-4711
Hikone	Munisipyo Hikone Foreign Residents Support Center (Hikone Gaikokujin Soudan Center) ① Honkan (main bldg) Jinken -seisaku-ka 3F ② Chou-cho bekkann (annex) 1F	Portuges	Lun~Biy 8:30 am-5:15 pm Ika 1.3 ng Huw hanggang 7:00 pm	① 0749-30-6113 ② 0749-22-5931
		Ingles	Lun~Biy	
		Intsik	Mar, Biy (Miy)	
		Vietnam	Mar, Huw, (Biy)	
Nagahama	Munisipyo Shimin-ka	Portuges · Kastila Ingles · atbp	Huw 8:30 am-7:00 pm Lun~Miy, Biy 8:30 am-5:15 pm	0749-65-8711
	Nagahama-shi Tabunka Kyousei Kokusai Bunka Koryu House (GEO)	Nihongo	Araw-araw (Maliban sa Huwebes) 10:00 am-6:00 pm	0749-63-4400
Omiachiman	Munisipyo, 2F Kokusai Kyokai bawat departamento	Portuges · Ingles · atbp	Lun~Biy 9:00 am-4:45 pm	0748-26-7092
Kusatsu	Munisipyo 2F Machizukuri Kyodo-ka	Ingles · atbp	Lun~Biy 9:00 am-4:00 pm	077-561-2337
Moriyama	Moriyama Int'l. Friendship Assn. Moriyama-shi Kokusai Koryu Kyokai (loob ng Moriyama Shimin Koryu Center)	Ingles (para sa ibang wika · Kailangan isangguni muna)	Lun~Biy 9:00 am-4:30 pm	077-583-4653
Ritto	Munisipyo 3F Ritto Int'l. Friendship Assn. (Ritto Kokusai Koryu Kyokai)	Portuges	Miy 1:00 -5:00 pm	077-551-0293
Koka	Munisipyo Seikatsu Kankyo-ka	Portuges · Kastila · atbp	Lun~Biy 8:30 am-5:15 pm	0748-69-2145
	Munisipyo Kosodate Seisaku-ka			0748-69-2176
	Munisipyo Seikatsu Shien-ka			0748-69-2158
Yasu	Munisipyo, Kikaku Chousei-ka bawat departamento	Ingles · Intsik · atbp	Lun~Biy 8:30 am-5:15 pm	077-587-6039
	Yasu Int'l Friendship Association (Yasu-shi Kokusai Kyokai)	Ingles	Lun~Biy 9:00 am-5:00 pm	077-586-3106
Konan	Munisipyo Higashi Chosha 1F Jinken Yogo-ka	Portuges	Lun~Biy 9:00 am-4:00 pm	0748-71-2354
	Munisipyo Nishi Chosha 4F Konan Int'l. Association (Konan-shi Kokusai Kyokai.)	Portuges	Lun~Biy 8:30 am-5:00 pm	0748-69-7530
		Vietnam	Ika-4 na Biy 8:30 am-5:00 pm	
Takashima	Takashima Int'l Friendship Assn. (Takashima-shi Kokusai Kyokai)	Ingles · Vietnam	Iregular (kailangan ng appointment)	0740-20-1180
Higashiomi	Munisipyo Shinkan Shimin Seikatsu Soudan-ka	Portuges	Lun~Biy 9:00 am-5:00 pm	0748-24-5521
Maibara	Munisipyo Santo Shisho Chiiki Shinkouka-ka	Portuges	Lun~Biy 8:30 am-5:15 pm	0749-53-5172
	Maibara Multicultural and Int'l Assn. (Maibara-shi Tabunka Kyosei Kyokai) Santo shisyo bekkann annex 2F	Portuges	Lun~Biy 9:00 am-5:00 pm	0749-56-0577
		Intsik	Lun~Huw 9:00 am-3:00 pm	
Hino	Bulwagan ng bayan Jumin-ka	Portuges	Lun, Miy, Huw 9:00 am-5:00 pm	0748-52-6571
Aisho	Bulwagan ng bayan Echigawa-Chosha Mirai Sousei-ka	Portuges	Lun, Mar, Biy 8:30 am-5:15 pm Miy, Huw 8:30 am-4:30 pm	0749-29-9046
		Atbp	Lun~Biy 8:30 am-5:15 pm	
Prepektura ng Shiga	Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga (Shiga Gaikokujin Soudan Center)	Portuges · Kastila Tagalog · Ingles Vietnam · atbp	Lun~Biy 10:00 am-5:00 pm	077-523-5646

Mga Silid-aralan ng Nihongo sa Shiga




Lugar	Pangalan ng Samahan		Lokasyon	Araw at Oras		Telepono
Otsu	Otsu Int'l. Goodwill Association		Asuto Hamaotsu 2F	Biy 1:30 - 2:30 pm	7:00 - 8:00 pm	077-525-4711
			Katata Community Center	Huw	10:00 -11:45 am	
	Nihongo no kai		Otsu Kominkan	Huw	10:00 -12:00 pm	090-1479-5468
	Omi Nihongo Fureai Club		Piazza Omi 2F	Lun	10:30 -12:00 pm	077-523-1061
			Seta-kita Kominkan	Sab	7:30 - 9:10 pm	
Hikone	Hikone International Assoc.		Hikone Kokusai Koryu Salon	Miy 7:00 - 8:30 pm	Biy 2:00 - 3:30 pm	0749-22-5931
	Smile		Nishi-chiku Kominkan	Lin	10:00 -11:30 am	0749-24-7241
			Innovation Office Nayashichi	Lun-biy ①9:30 -10:50 am ②11:00 -12:20 pm ③1:30 - 2:50 pm ④3:00 - 4:20 pm (sarado pag Martes)		070-5661-7345
			Asahinomori-chiku Kominkan	Mar, Biy	9:00 -10:20 am	
		Hikone Kokusai Koryukai VOICE	Naka-chiku Kominkan	Sab	2:00 - 4:00 pm	0749-23-3018 090-5156-6916
Nagahama	Nagahama UNESCO Kyokai		Kokusai Bunka Koryu House GEO	Miy, Sab	7:00 - 8:30 pm	0749-65-6552
	Tanoshii Nihongo			Mar	6:30 - 8:00 pm	0749-63-4400
Omi-hachiman	Nihongo Koryu Kyoshitsu Tanpopo		Kaneda Community Center	Sab	7:00 - 9:00 pm	0748-26-7092
	Nihongo Koryu Kyoshitsu Azuchi		Azuchi Community Center			
	Nakayoshi Nihongo Koryu kyositsu		Kaneda Community Center	Miy	10:00 -11:30 am	
Kusatsu	Olive		Kirarie Kusatsu	Sab	7:00 - 8:40 pm	077-565-9215
	SHIPS		Tabunka Kyosei Shien Center	Miy, Biy	10:30 -12:00 pm	077-561-5110
	Kusatsu International Friendship Association Kizuna		Ritsumeikan Univ. BKC / online	Sab	10:20 -12:00 pm	077-561-2322
	Nihongo Center		Kirarie Kusatsu	Pang 2 at 4 na Sab	1:00 - 5:00 pm	090-8146-9596
Moriyama	Moriyama Nihongo Kyoshitsu		Moriyama Shimin Koryu Center	Pang 1 at 4 na Sab	10:00 -11:50 am	077-583-4653
	Nihongo Salon			Lun- Biy	10:00 -12:00 pm	090-8648-9749
Ritto	RIFA Nihongo Kyoshitsu		Community Center Daihou	Pang 2 at 4 na Sab	10:15 -11:45 am	077-551-0293
Koka	Koka International Exchange Assoc.	Ninja	Minakuchi-chuo Kominkan	Sabado	7:30 - 9:30 pm	0748-63-8728
		Niji	Maroom	Lunes	2:00 - 4:00 pm	
Yasu	YIFA Nihongo Kyoshitsu		Yasu Int'l. Association	Maaring sumangguni/Komunsulta		077-586-3106
Konan	Konan International Association	Nihongo Kyoshitsu Ishibe	Ishibe Machizukuri Center	Lun 2:00 - 3:30 pm Mar 5:30 - 7:00 pm Miy 3:30 - 5:00 pm Huw 7:00 - 8:30 pm		0748-69-7530
		Nihongo Kyoshitsu Mito	Mito Community Center	Sabado	6:30 - 8:00 pm	
	Caminando		ELD	Lun · Miy	7:00 - 9:00 pm	090-1448-3350
Takashima	Takashima International Assoc.		Imazu Higashi Comm. Center	Maaring sumangguni		0740-20-1180
	Nihongo de Hanasou		Shin-asahi Kominkan	Pang 2, 4 na Sab	10:00 - 11:30 pm	
Higashiomi	Yokaichi Nihongo Kyoshitsu		Higashiomi International Friendship Association	Sab 1:30 - 3:00 pm Pang 1, 3 na Lin	1:30 - 3:00 pm	050-5802-9606
	Notogawa Nihongo Kyoshitsu		Notogawa Community Center	Pang 1, 3 na Lin	1:30 - 3:00 pm	
Maibara	Maibara-shi Nihongo Kyoshitsu		Munusipyo ng Maibara Santou shisyo bekkann (annex)	Sab	9:30 -11:00 am	0749-56-0577
Aisho	Aisho International Friendship Association		Echigawa Kominkan	Miy①1:30 - 3:00 pm ②7:00 - 8:00 pm Sab,Lin ①10:00 -11:30 pm ②1:30 - 3:00 pm ③3:15 - 4:45 pm		070-5593-1769
Online	ONRITANS		Online Class (Zoom)	Lun – Biy / maaring sumangguni		090-3656-5417

Impormasyon sa Mimitaro

◆ Engrandeng pagdiriwang ng paputok (Fireworks) sa Biwako (Biwako Dai Hanabi Taikai)

Agosto 8 (Mar) 7:30 ~ 8:30 p.m.
Hamaotsu (Sa may pampang sa daungan ng Otsu) gaganapin muli pagkalipas ng 4 na taon! Kukulayan ang kalangitan ng gabi ng 10,000 paputok



◆ Maligo sa Lawa ng Biwa (Biwako)

Hindi tulad ng dagat, ang alon sa biwako ay banayad
Lamang, kaaya-ayang lugar para sa mga pamilyang may mga bata ♪
Shirahige Beach (1091 Ukawa Takashima)



Manohama Beach (Mano 5 Chome Otsu)
Omimaiko Beach (Minami Komatsu Otsu)
Shingaiama Beach (Shingai-cho Hikone)
Miyagahama Beach (Miyagahama, Okishima-cho Omihachiman)

◆ Eksibisyon at kaganapan

Shigaraki Ceramic Cultural Park

★ Okamoto Taro “Pangarap na Sining

Seramikong dingding ~ Entrepangyong Mga

Modelong Pigura mula pa sa ika-21 Siglo”

Unang bahagi Hulyo 15 (Sab) ~ Setyembre 24 (Lin)

★ Proyekto sa Tag-init

Eksibisyon ng mga pangmodelong-luwad na likhang-pambata

Hulyo 15 (Sab) ~ Setyembre 3 (Lin)

★ Programa ng Tsuchiko

(Magulang at anak)

「Espesyal na kurso - pambatang serye」

Paggawa ng mga paso

Hulyo 22 (Sab), 23 (Lin), 29 (Sab), 30 (Lin)

※ Mangyaring maagang magpareshistro.

2188-7 Chokushi Shigaraki-cho Koka

TEL 0748-83-0968



◆ Paligsahan ng Birdmen Rally 2023 (Tori Ningen Contest)

Hulyo 29 (Sab), 30 (Lin) Pagpapalipad ng mga ibat ibang klaseng gawang sasakyang-eroplano sa himapapawid ng Biwako Hikone-shi Matsubara Beach



◆ Panahon ng Sunflower Dai-ichi Nagisa Park

Katapusang linggo ng Hulyo ~ Unang linggo ng Agosto

Imahama-cho Moriyama

Shiga Agricultural Park Blume no Oka

Una at Katapusang linggo ng Agosto

843 Nishi-Oji Hino-cho Gamo-gun

“Oide Yasu” Plantasyon ng mga Sunflower

Katapusan linggo ng Hulyo - Unang linggo ng Agosto
Yoshikawa Yasu malapit sa kahabaan ng baybayin ng lawa



Balita mula sa Mimitaro



◆ Kapag nahawa sa COVID-19 (simula Mayo 8)

【Pagpasuring-Medikal】 Maliban sa dagdag na bayarin sa paunang pagpasuring-medikal, babayaran din ng pasyente ang bayarin sa pagpapasuri at sa mga iba pang kailangan na mga bayarin. May pampublikong tulong upang mabayaran ang mga mataas na gastusin sa gamot at pagpapagamot. Maari ka na rin magpasuri sa malawakang hanay ng mga institusyong medikal. Tumawag muna bago magpakonsulta.

【Pagbabakuna】 Magpapatuloy ang libreng pagbabakuna hanggang Marso 2024. Sa mga matatandang tao, mga taong may mataas na panganib na magkaroon ng malubhang karamdaman, mga bata at iba pang mga tao na nakatanggap ng tiket sa pagbabakuna ay maaaring mabakunahan. Mula Setyembre, lahat ng mga batang may edad na limang taong gulang pataas ay karapat-dapat.

★ **Sa kaso ng impeksyon**, pigilan ang paglabas-labas sa loob ng 5 araw mula sa araw pagkatapos ng pagsisimula ng mga sintomas, at kung magpapatuloy ang mga sintomas, maghintay pagkatapos ng 24 oras hanggang sa bumaba ang mga sintomas.

★ Tanggapan ng Konsultasyon/24 Oras, nakahanda sa ibat ibang wika

Pagsusuring-medikal • Sentro ng konsultasyon

TEL 077-528-3621

Sentro ng Suporta para sa mga taong nagpapagaling sa Tahanan

TEL 077-574-8560

◆ Libreng Pag aaral ng Nihongo para sa Trabaho/JICE

Aplikasyon : Hellowork

• Nagahama-shi 「Rinko」

Pang-gabi Lebel 1 Sept 15 ~ Dis 7

• Hikone-shi 「Tachibana」

Pang-gabi Lebel 1 Sept 27 ~ Dis 13

• Koka-shi 「Maroom」

Pang-gabi Lebel 2 Sept 26 ~ Dis 12

• Konan-shi 「Kousei Bunka Hall」

Pang-gabi Lebel 1 Nob 29 ~ Peb 28

• Moriyama-shi 「Eki-mae Sogo Annai-jyo」

Pang-gabi Lebel 2 Nob 21 ~ Peb 16

• Online

Pang-gabi Lebel 3 Nob 20 ~ Peb 13

Pang-gabi Lebel 2 Nob 14 ~ Peb 6

◆ Orentasyon “Gabay sa pagpili ng landas sa karera” para sa mga batang may dugong dayuhan at sa mga magulang nito, Magbabalik ngayong taon!

Oktubre 22 (Linggo) G-NET Shiga (Omihachiman)

Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga (sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)

* Sa Agosto 8, dahil sa pagdiriwang ng Biwako Fireworks, ang konsultasyon sa personal ay hanggang alas 3:30 pm lamang.

Tel : 077-523-5646 Email : mimitaro@s-i-a.or.jp

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa Oktubre